

Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

*Language Planning in the New Southbound Policy
and Teaching Filipino in Taiwan*

AURA BERTA A. ABIERA

aaabiera1@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng papel na ito na maitanghal ang pagtuturo ng Filipino sa Taiwan bilang bahagi ng Southeast Asian Language Program sa ilalim ng New Southbound Policy na isang pangunahing programa na nagtuturo ng Filipino mula elementarya sa labas ng bansa. Ikalawa, masuri ang programang ito sa dalumat ng pagpaplanong pangwika. Tatalakayin sa papel ang mga sumusunod: ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan, ang Southeast Asian Language Program na bahagi ng NSP, ang kaligiran ng pagtuturo ng Filipino sa Taiwan, at ang pagsusuri ng SEAL sa pamamagitan ng dalumat ng pagpaplanong pangwika. Sa huli, sa pamamagitan ng maiharap na datos, susuriin ang kalagayan ng Filipino sa iskema ng pagpapatupad ng nasabing programang pangwika. Pangunahing patakaran ni Pangulong Tsai In-Wen ng Taiwan para sa ugnayang pandaigdig ang New Southbound Policy (NSP). Nakadisenyo ito upang palakasin ang pakikipagkalakalan at pang-ekonomikong ugnayan ng Taiwan at ng sampung bansa sa ASEAN, 6 na estado sa Timog Asya, Australia at New Zealand. Layon nitong magkaroon ng aktibong papel sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga kooperasyon sa kalakalan, sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng resources at tao sa taong pagpapalitan. Naging esensyal na bahagi ng New Southbound Policy ang South East Asian Language Program na pagtuturo ng 7 South East Asian na mga wika . Kabilang rito ang Filipino na sinimulang ituro mula pa 2017. Layon rin ng programa na ma-accommodate ang mga anak ng mga immigrant sa Taiwan at bigyan ng higit na kasanayan ang mga bata at kabataan sa Taiwan at maipakilala sa kanila ang mga kultura sa Timog Silangang Asya. Pumapasok ang programang SEAL ng NSP sa dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper. Mula sa layon na hindi lamang linggwistika na may kinalaman sa akwisiyon ng panibagong wika, tumutungo ito sa mga layunin na bentahe sa ekonomiya at cooption ng minoridad. Sa kasong ito, nariyan ang paglago ng mga pamumuhunan at kalakal sa pagitan ng Taiwan at mga katuwang na bansa sa tulong ng mga naisagawa at isinasagawang tao sa

taong pagpapalitan ng wika at kultura. Kasama rin ang integrasyon ng mga immigrant sa lipunan ng Taiwan na sa wika ni Cooper ay cooption ng minoridad. Sa dalumat na ito, nasaan nga ba ang wikang Filipino? Maituturing na pagkilala at pagpapahalaga ito sa wika at kulturang Filipino vis a vis pagpapahalaga sa bahagi ng populasyon ng mga immigrant gayundin ng mga migrante sa Taiwan. Ngunit kailangan ding pag-isipan kung saan dapat lumugar ang wika at kulturang Filipino sa kabuuang iskema na ito. Mananatili ba itong isang wika o asignatura ng pag-aaralan kung ihahain at isasama sa programa ng ibang bansa? Sa panahong malakas ang ragasa ng globalisasyon at ang hatak ng internalisasyon, kailangang makipagsabayan ang bansa. Maaaring matuto tayo sa ibang bansa ngunit mula sa pagkatutong ito, tayo mismo ang magigiit, magpapahalaga, magpalano at magtanghal ng wika at kulturang Filipino sa loob at labas ng Pilipinas.

Mga Susing salita: New Southbound Policy (NSP). Southeast Asian Language Program (SEAL), pagpapalano at patakarang pangwika, pagtuturo ng wikang Filipino

ABSTRACT

The primary objective of this paper is to demonstrate the teaching of the Filipino language in Taiwan as part of the Southeast Asian Language Program under the New Southbound Policy, a primary program that teaches Filipino from the elementary level abroad. Secondly, to analyze the program in the context of language planning. The paper will also discuss the following: the New Southbound Policy (NSP) of Taiwan, the Southeast Asian Language program as part of the NSP, the context of teaching Filipino in Taiwan, and the analysis of SEAL via the language planning frameworks. Finally, through the presentable data, the condition of the Filipino language under the scheme of implementation of the said language program will be examined.

The primary policy of President Tsai Ing-Wen of Taiwan for international relations is the New Southbound Policy (NSP). It is designed to strengthen Taiwan's trade and economic relations with ten ASEAN countries, six states in South Asia, Australia, and New Zealand. Its aim is to have an active role in the region by enhancing cooperation in trade, resource sharing, and personnel exchange. The South East Asian Language Program, teaching 7 South East Asian languages, has become an essential part of the New Southbound Policy. This includes Filipino, which has been taught since 2017. The program also aims to accommodate the children of immigrants in Taiwan and provide more skills to Taiwanese children and youth while introducing them to cultures in Southeast Asia. The SEAL program of the NSP enters Cooper's language planning framework. From the goal not only linguistically related to acquiring a new language, it moves towards objectives that benefit the economy and the co-option of minorities. In this case, there is the increase in investments and trade between Taiwan and partner countries with the help of previous and ongoing interpersonal language and culture exchange. Also included is the integration of immigrants into Taiwanese society, which in Cooper's language is referred to as the co-option of minorities. In this framework, where does the Filipino language stand? It can be considered as a recognition and appreciation of the Filipino language and culture vis-a-vis valuing the portion of the immigrant and migrant population in Taiwan. However, it also needs to be considered where the Filipino language and culture should be placed in this overall scheme. Will it remain a language or a subject of study when included in another country's program? At a time when globalization and internationalization is strong, the country needs to keep up. We may learn from other countries, but from this learning, we ourselves should assert, value, plan, and present the Filipino language and culture within and outside the Philippines.

Keywords: New Southbound Policy (NSP). Southeast Asian Language Program (SEAL), Language planning and policy, and the teaching of the Filipino language.



PANIMULA

Ilang halos tropikal na bansa ang Taiwan na matatagpuan sa Silangang Asya, nása Timog kanluran ng Okinawa, Japan at sa hilaga ng Pilipinas. Nása kanluran naman nito ang China. Gaya ng ibang bansa sa Asya, marami-rami rin ang populasyon ng Taiwan at kinikilala nang may maunlad na teknolohiya at ekonomiya. Nitong 2016, nagkaroon ng bagong direksiyon ang pamahalaan ng Taiwan sa pamamagitan ng New Southbound Policy (NSP). Bunsod ng NSP, nagkaroon ng programang pangwika ang pamahalaan ng Taiwan na nakaangkla rito. Pitong South Asian na wika ang sinimulang isama sa kurikulum ng primarya at sekondaryang antas noong Agosto 2019 bilang bahagi ng pagtatangka ng bansa na maisulong ang kultural na dibersidad at pagiging inklusibo. Interesante ang pangyayaring ito pagkat iilan pa lámang ang nagtuturo ng Filipino sa antas ng elementarya at sekondarya sa labas ng bansa gaya ng ilang piling paaralan sa USA, UAE, Canada, at Guam (Concepcion, 2021). Samantala, nakapaloob sa pambansang programa sa edukasyon ang pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa Taiwan. Sa kabilang banda naman, malaon nang itinuturo ang Filipino sa ilang kolehiyo at unibersidad sa ibang bansa. Ilan sa mga ito ang University of California - Berkeley, University of California - Los Angeles, Cornell University, University of Michigan, University of Wisconsin - Madison, Loyola Marymount University, University of Pennsylvania, Northern Illinois University, University of Hawai'i, University of Pittsburgh, at San Francisco University sa Estados Unidos; Moscow State University at St. Petersburg sa Russia; Peking University, Communication University of China, Yunnan Minzu University, at Beijing University sa China; Osaka University, Shizuoka University, Tokyo University of Foreign Studies, at Takushoku University sa Japan; Sorbonne University, Institute National de Langues et Civilisations Orientales sa France, University of Malaya sa Malaysia, University Brunei Darussalam sa Brunei; at Busan University of Foreign Studies sa South Korea (Ramos at Mabanglo 5-8).

Batay sa ganitong kaligiran, layunin ng papel na ito na maipakita ang pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa Taiwan bilang bahagi ng South Asian Language

Program at masuri ang programang ito sa dalumat ng pagpapalano at patakarang pangwika. Ilalahad din ang pagsisimula ng pagtuturo ng wikang Filipino na isa sa mga ihahaing Southeast Asian na wika. At sa hulí, sisikaping masuri ang kalagayan nito sa iskema ng pagpapatupad ng programa sa wika na nakaangkla sa NSP.

New Southbound Policy ng Taiwan

Pangunahing patakaran ni Pangulong Tsai In-Wen ng Taiwan para sa ugnayang pandaigdig ang New Southbound Policy (NSP). Nananatili ito bilang prominenteng bahagi ng identidad ni Pang. Tsai In-Wen habang patuloy itong umiiral na nasa unahan ng kanyang mga ineteres. Nilalayan ng Taiwan na maihanay at maibahagi ang kanilang husay at kasanayan sa teknolohiya, agrikultura, at edukasyon upang lumikha ng mas maigting na ugnayang pang-ekonomiya sa mga bansang miyembro ng ASEAN, Australia, New Zealand, India, Pakistan, Bangladesh, Nepal, Bhutan, at Sri Lanka. Pangunahing layon ng patakaran na mapaunlad o mapalakas ang ekonomiya ng Taiwan at mailayo ang mga industriya nito sa mainland China. Habang primaryang daluyan ng polisiyang ito ang sosyo-kultural na pagpapalitan at interpersonal na koneksiyon.

May pagkakatatulad man ang Go South policy ng mga naunang pinuno, higit na komprehensibo at estratehiko ang lápit ng NSP upang mas kilalanin at makalikha ng mga koneksiyon sa rehiyon kung ihahambing sa mga naunang pagtatangka.

Naging pokus ng mga naunang Southbound na polisiya ang direktang banyagang pamumuhunan sa Timog Silangang Asya upang hindi mahikayat o mahadlangan ang pagpasok ng pananalapi sa China. Lámang, hindi nagtagal ang mga pagtatangkang ito likha na rin ng mga baryasyon sa pamumuhunan at sa limitasyon ng mismong patakaran. Hindi rin lumago ang mga pamumuhunan dahil sa krisis pang-ekonomiya sa Asya kaya't nagkaroon ng pag-aalinlangan sa pagdirekta ng puhunan sa Timog. Kasunod nito, bumalik sa mainland China ang direksiyon ng pamumuhunan. (Glaser, Kennedy, Mitchell 6)

Ipinakilala ni Pres. Tsai Ing-wen ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan noong 2016. Nakadiseno ito upang palakasin

ang pakikipagkalakal at pang-ekonomikong ugnayan ng Taiwan at ng sampung bansa sa ASEAN, 6 na estado sa Timog Asya, Australia, at New Zealand. Layon nitong magkaroon ng aktibong papel sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga kooperasyon sa kalakalan, sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng resources at people to people exchanges o tao sa taong pagpapalitan. Nakasentro ito sa pagpapahalaga na “settling in for the long haul, seeking comprehensive development, and creating mutual benefits” (Yang 17-19).

Nakapaloob sa plano na pagsasamahin nito ang yaman at lakas ng publiko at pribadong sektor upang makabuo ng bagong modelo ng kooperasyon at ekonomikong komunidad sa mga target na bansa.

May apat na haligi ang NSP:

1. Pagtataguyod ng Ekonomikong Kolaborasyon

Sa halip na ituring ang ASEAN at South Asia bilang mga kontraktual na base sa paggawa para sa export, isusulong ng Taiwan ang kooperasyon sa mga katuwang na bansa para sa supply chains, kokonekta sa domestikong kahingian at merkado at proyektong pang-impraestruktura.

2. Magsagawa ng Tao sa Taong pagpapalitan.

Habang nakapokus sa mga tao, palalalimin ang mga pagpapalitang bilateral sa pamamagitan ng paghubog sa mga iskolar, estudyante at propesyonal sa industriya. Magbabahaginan din ng yamang tao sa mga katuwang na bansa.

3. Pagpapalakas ng pagbabahaginan ng risorsers

Magtaguyod ng mga bilateral at multilateral na kooperasyon sa kultura, turismo, pangangalagang medikal, teknolohiya, agrikultura at medium-sized na negosyo. Layon nitong mapagbuti ang pamumuhay sa mga katuwang na bansa at mapalawak ang impluwensiyang ekonomiko ng Taiwan.

4. Pagbuo ng mga rehiyonal na ugnayan

Gawing sistematiko ang mga bilateral at multilateral na kooperasyon sa mga

katuwang na bansa habang pinalalakas ang mga negosasyon at diyalogo. Mula sa mga indibidwal na pagtatangka, mas bibigyang-diin ang kolektibong kalakasan ng mga pribadong grupo at Taiwanese network (Center for Strategic and International Studies).

Naglatag din ang Taiwan’s Office of Trade negotiations ng 5 flagship na proyekto at 3 inobatibong larangan para sa kolaborasyon. Nakadiseno ang mga programang ito na gawing kapital ang mga haligi ng NSP at mapalago ang mga benepisyal na ugnayan ng Taiwan at mga bansa sa Indo-pacific.

Kabilang sa mga flagship na programa ang pagpapaunlad ng agrikultura, kooperasyon para sa medikal at publikong kalusugan, kultibasyon ng talento, inobatibong mga industriya, youth exchanges at mga forum para sa mga polisiya. Habang kabilang naman sa 3 inobatibong larangan para sa kolaborasyon ang e-commerce, impraestruktura, at turismo.

Mula sa mga tinukoy na haligi at pangunahing programa ng NSP makikitang tumutugma ito sa sinabi ni Yang (2019) na estratehikong diskurso ng NSP ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy na internasyonal na ugnayan na hindi lámang nakasentro sa kalakalan kundi maging sa sibiko at panlipunang ugnayan. Mula sa dating polisiyang nakasentro sa kíta, nakasentro ang NSP sa mga tao kung saan binibigyan ng priyoridad ang talento at mga institusyon para sa pangmatagalang ugnayan. Likha na rin ng mga politikal na hadlang, hindi maaaring mag-aplay ang Taiwan bilang miyembro ng ASEAN. Dahil dito, ang mga negosasyon ukol sa kalakalan sa antas ng pamahalaan ay hindi posible. Maaaring ituring na ang tao-sa-táong ugnayan ay estratehiya upang mapalago at mapalawak ang komunikasyon at network sa mga katuwang na bansa ng NSP na may layong mapaunlad ang ekonomiya ng Taiwan. Kaugnay nito, binanggit rin ni Yang na nakipagtuwang ang Taiwan sa mga unibersidad at iba pang institusyon sa Southeast Asia, kasama na ang Pilipinas (Yang 4).

Isang patunay sa pagpapalawak ng ugnayan ang dumaraming bilang ng mga migranteng manggagawa sa Taiwan. Sa partikular, tinukoy ni Yang na may 150, 000 na mangagawang Pilipino na sa Taiwan. Karamihan sa mga Pilipino roon ay nagtatrabaho sa mga pagawaan, sa mga kompanya ng Impormasyon, Teknolohiya at Komunikasyon (ICT) at sa mga publikong institusyon para sa pangangalagang

pangkalusugan. Ngunit bukod sa pag-aambag sa lakas-paggawa sa Taiwan, ang Pilipinas ang ikaapat sa pinakamalaking trade-partner ng Taiwan. (Mogato)

Pagpapalano at patakaran pangwika bilang batayang teorya na iuugnay sa NSP at SEAL

Ayon kay Rubin, “sakop ng pagpapalano ang pagtukoy sa aktibidad na sumasaklaw sa pinakamalawak na uri ng paghahanap ng solusyon sa mga problema o pagdedesiyon hanggang sa limitadong pagtukoy ng aktibidad na pinasimulan o sinuportahan ng isang pormal na ahensiya. Itinuturing naman na higit na limitadong depenisyong ang pagpapalano bilang isang aktibidad kung saan inilalatag ang mga tunguhin, pinipili ang mga proseso o hakbangin, at binibigyan ng prediksyon ang mga kalalabasan sa isang sistematikong paraan” (Rubin 217-218). Pasók o lapát ang paliwanag na ito sa pinasimulang New Southbound Policy ng Taiwan sa ilalim ni Pangulong Tsai Ing-Wen.

Gayundin, maaaring ituring, tingnan o basahin ang ginawang programang pangwika sa ilalim ng New Southbound Policy sa usapin ng pagpapalano pangwika. Sinasabing karaniwang nakadirekta ang pagpapalano pangwika sa pagkamit ng mga layon o mithiing di-linggwistika, gaya ng proteksiyon ng mamimili, nasyonal na integrasyon, kontrol na politikal, ekonomikong pag-unlad, paglikha ng bagong elite o pagpapanatili ng katayuan, co-option ng minoridad at mobilisasyon ng mga political at pambansang kilusan. Ngunit para kay Cooper hindi lang ito layon, sa halip, tinitingnan niya ang mga salik politikal, ekonomiko, at siyentipiko bilang mga motibasyon sa pagpapalano pangwika, at makabuluhang bigyan ng pagpapakahulugan ang pagpapalano pangwika bilang pagtatangka na makaimpluwensiya sa pag-uugaling wika (Cooper 35).

Binubuo ng mga sumusunod ang dalumat ni Cooper para sa pagpapalano pangwika:

1. Ang mga aktor sa pagpapalano pangwika at polisiya ay mula sa idea nina Kaplan (1989) na top-down na pagpapalano. Sila ang mga awtoridad na gumagawa ng desisyong pangwika para sa mga

partikular na grupo na karaniwan ay walang konsultasyon sa mga natututo at tagasalita ng wika.

2. Layon ng pagpapalano pangwika at polisiya na maimpluwensiyahan ang pag-uugaling wika sa mga pamamaraang estruktural o linguistic property, functional o layong paggagamitan ng pag-uugali at inaasahang antas ng adaptasyon o pagtanggap.
3. Tinutukoy rin kung sino-sino ang target ng pagbabagong pangwika at ano ang mga insentibo na nakalaan para sa kanila.
4. May mga layon ang ginagawang pagpapalano at patakaran pangwika. Maaari itong lantad (overt) na pagbabago sapag-uugaling wika o maaari rin namang di-lantad (latent) na walang kinalaman sa pag-uugaling wika kundi nagsusulong ng mga partikular na interes
5. Iba-iba rin ang kondisyon na iniiralan ng pagpapalano at pagbabago sa wika. Tinitingnan ni Cooper na ang mga estruktural (politikal, ekonomiko, sosyal, demograpiko, ekolohikal), kultural na kaligiran at pang-impormasyong mga kondisyon ay maaaring magkaroon ng impak sa pagpapalano at patakaran pangwika.
6. May iba't ibang paraan din kung paano ipinakilala at pinalalaganap ang mga desisyong sa pagpapalano pangwika.
7. Tinutukoy naman ang mga proseso ng pagbuo ng mga desisyong pangwika ang pormulasyon ng mga problema at/o, pagbuo ng mga proseso o paraan upang makamit ang layunin.
8. At sa kahulihan, sinasabing mahirap pang matukoy o mahulaan ang magiging epekto o kahihinatnan ng pagpapalano at patakaran pangwika. (Cooper 98)

Programang Pangwika (SEAL)

Pinasimulan ang Southeast Asian Language Policy (SEAL) na pagtuturo ng pitong Southeast Asian na mga wika sa Taiwan noong Akademikong Taon 2018. Nagkaroon ng pilot ng SEAL sa mga gradong 1-12 at ang implementasyon nito sa buong bansa ay isinagawa noong sumunod na taon. Orihinal itong iminungkahi upang mapalaganap sa kamalayan ng mga mag-aaral na isang multilinggwal na lipunan ang Taiwan at dinevelop bilang bahagi ng midterm na proyekto 2014-2019 Educational Development for Children of New Residents sa ilalim ng dáting Pangulong Ma- Ying Jeou. Samantala, sa administrasyon ni Pangulong Tsai-In Wen, naging esensiyal na bahagi ng kanyang New Southbound policy ang SEAL kung saan target ng Taiwan na mapalawak o mapalawig ang politikal at pang-ekonomiyang merkado sa Southeast Asia.

Nakabase ang Southeast Asian Language Policy (SEAL) sa New Talent Cultivation Program ng Ministry of Education ng Taiwan (MOE) na may tatlong (3) bahagi:

1. Hinihikayat ang mga unibersidad at mga kolehiyong teknikal na maghain ng mga kurso para sa pagkatuto ng Southeast Asian na mga wika. Makatatanggap ang bawat kurso ng NT\$ 100,000 na subsidyo;
2. Naghain ng scholarship ang Ministry of Education para mahikayat ang mga estudyante na kumuha ng mga gradwadong kurso (kapuwa Masterado at Doktoral) sa Southeast Asia at mag-aral sa mga lokal na wika; at
3. Isinama ang pagkatuto ng Southeast Asian na mga wika sa 2019 National Education Curriculum. (Lee)

Ayon sa Ministry of Education ng Taiwan (MOE), mandatoryo ang pagpapakuha ng wika simula sa unang taon sa elementarya habang magiging elektib naman ito pagdating sa Junior High school. Maaaring mamili ang mga estudyante sa mga wikang Vietnamese, Indonesian, Thai, Burmese, Khmer, Malay, at Filipino (Huang Tzu-ti). Habang kabilang naman ang mga wikang ito bilang pangkalahatang kursong elektib pagdating sa kolehiyo.

Layon din ng programa na matulungan ang mga anak ng mga migrante sa Taiwan. Ayon sa Ministry of Education, may humigit-kumulang na 140,000 na mga bata na may isa

man lang magulang mula sa Timog Silangang Asya sa mga paaralan sa Taiwan. Gayundin layon nitong bigyan ng higit na kasanayan ang mga bata at kabataan sa Taiwan at maipakilala sa kanila ang mga kultura sa Timog Silangang Asya.

Ang patakaran at programang ito ang kauna-unahan sa buong mundo. Pinakauna ang Taiwan na nagsama ng 7 opisyal na wika mula sa Timog Silangang Asya at karatig bansa. Itatala sa silabus ng kurikulum ang Pambansang wika, katutubong wika, new residents language, Ingles, at ikalawang banyagang wika bilang mga eryang pangwika (2018 Resident language Curriculum Implementation related Plans).

Batay sa New Immigrants Curriculum Guidelines, magsisimula ang pagtuturo ng wika sa grade 1 sa pamamagitan ng 1 klase sa 1 linggo. Malayang makapipili ang estudyante ng wikang pag-aaralan ayon sa kanyang interes. Sa Junior High School, maaari na itong maging elektib bilang bahagi naman ng flexible study curriculum. At sa Senior High School, nakapasok naman ito bilang elektib sa ilalim ng second foreign language curriculum.

Ayon kay Hung Yung Shan, 2019, direktor ng Curriculum and Instruction Research Center sa National Academy for Educational Research “ How to use the study of different languages to promote understanding of all the people that live in this country is the concept behind the new curriculum design”. Dagdag pa niya, “In recent years the United Nations has repeatedly stressed the desire for a more tolerant world. Taiwan has always been a society where diverse cultures coexist. In the past few years the number of students born to new immigrants has continued to climb, so naturally this area shouldn’t be overlooked”. (Toman, 2019)

Gayundin kinikilala na makatutulong sa kross-kultural na uunawaan ng Taiwan at mga bansa sa Timog Silangang Asya ang pagpapakilala at pagtuturo ng mga nasabing wika at magbibigay ito sa Taiwan ng higit na oportunidad para sa mga kolaborasyon sa mga bansa sa rehiyon. (“SE Asian Languages to be Included”)

Kaugnay ng nasabing patakaran, sinimulan ng Taiwan ang pagsasanay ng mga guro noong 2016. At para mapabilis ang pagsasanay ng mga gurong magtuturo ng mga Southeast Asian na wika, nagdesisyon ang pamahalaan na sanayin ang mga bagong

residente na may kasanayan na sa wika upang makapagturo agad ang mga ito matapos ang pagsasanay (Ministry of Education, 2016). Hanggang noong Disyembre, nakapagsanay na ng 1,313 na guro para sa

mga wika ang mga lokal na pamahalaan ng Taiwan sa pamamagitan ng mga maikliang programang sinuportahan ng MOE. (“SE Asian Languages to be Included”) Kaakibat ng pagsasanay, mayroon ding programa para sa sertipikasyon ng mga guro sa ilalim ng MOE K-12 Administration. Kailangan ng mga aplikante na makompleto ang pagsasanay na ibinibigay ng National Immigration Agency sa ilalim ng Ministry of the Interior o kayâ naman ay pagsasanay na ihinahain ng mga lokal na pamahalaan o mga non-governmental na organisasyon. (“SE Asian Languages to be Included”)

Gayundin, inatasan ng Ministry of Education ang New Taipei City Education Office na magdevelop ng unified textbook para sa bawat wika. Binubuo ito ng 18 bolyum para sa apat na antas. (Ng 69-70)

Ayon kay New Taipei City, Department of Education Director Cang Min-wen, nakibahagi ang siyudad sa paghahanda at pagsusulat ng mga textbook para sa mga wikang Southeast Asian noong 2016. Tiniyak na pareho-pareho ang mga textbook para sa buong bansa at sasalaminin din nito ang kulturang dinadala ng bawat wika. Nagsagawa rin sila ng mga trial courses gamit ang mga textbook noong 2017. (“SE Asian Languages to be Taught”)

Samantala, nagkaroon naman ng kolaborasyon ang K-12 Administration, National Central University, at Institute for Information Industry para sa paggawa ng digital content para sa pagtuturo ng mga Southeast Asian na wika. (“SE Asian Languages to be Taught”)

Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

Kasama sa mga wika ng Timog Silangang Asya na sinimulang ituro sa Taiwan ang Filipino. Mula pa noong 2017 ay naging katuwang na ng Ministry of Education ng Taiwan ang

Manila Economic and Cultural Office (MECO) sa pagsasanay ng mga guro sa wika at paghahanda ng mga textbooks.

Naging priyoridad ng MECO ang pagsasanay ng mga guro kaya’t nag-organisa ito ng seminar-workshop para sa mga guro noong 2017 at 2018. Nagawa ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ilang guro mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas. Sa nasabing mga palihan, naging paksa ang sumusunod:

1. Kasaysayan at pag-unlad ng Wikang Filipino;
2. Ugnayan ng wika at kultura;
3. Alpabetong Filipino;
4. Gramar; at
5. Mga paraan at Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Bukod dito, nagkaroon din ng cultural-immersion trip para sa mga sinasanay na guro sa pamamagitan ng Lakbay MECOnnect program. Bumisita sila sa Iloilo, Guimaras, at Maynila at nagkaroon din ng pagkakataon na bumisita sa Unibersidad ng Pilipinas. Ginawa ito upang mas makilala nila ang edukasyon at kultura sa Pilipinas at personal na maranasan ang bansa. Layon din nitong makatulong sa ginagawang pagdidisenyo ng mga Filipino textbook na gagamitin sa pagtuturo ng wika sa Taiwan (Ng).

Sa kasalukuyan, patuloy na nagpapatulong ang MOE sa MECO sa pagre-recruit ng mga bagong magsasanay para sa Filipino language training. MECO rin ang nagrerekomenda ng mga guro sa mga nangangailangan ng guro sa wikang Filipino. Nakapagbigay rin sila ng karagdagang mga teacher training, team building, at mga online na pulong tuwing may bagong implementasyon gaya ng paglilipat sa online na pagtuturo nitong panahon ng pandemya, Gayunman, nahinto ang mga pagsasanay at team building nitong nakaraang dalawang taon dahil sa pandemya.

Bago naman ang aktuwal na implementasyon ng kurikulum sa wika, nagsagawa rin ng pilot teaching sa apat na lugar sa Taiwan. Ginawa ito sa New Taipei, Kaohsiung, Pingtung, at Taitung. Naging katuwang din ang MECO ng MOE ng Taiwan sa paghahanda ng 18 textbook para sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan. Nakalaan ang 12 nito para sa elementarya, habang 6 naman ang nakalaan para sa Junior High School. Nakadiseno ang mga libro na makuha ang atensiyon ng mga

batang mag-aaral sa pamamagitan ng grapikal na representasyon ng pagtuturo ng mga bokabularyo at grammar. Sa mga unang textbook, kabilang ang pagpapakilala ng alpabetong Filipino, pagbigkas, pagbuo ng pangungusap at grammar. Ipinasok din ang mga pagpapahalaga at ang kulturang Pilipino sa mga aktibidad at ehersisyo sa textbook. Para sa Akademikong Taon 2021-2022, apatnapu't limang guro ang magtuturo ng 234 na klase sa wikang Filipino sa Elementarya at Junior high school. (“MECO assists Taiwan Education”)



Pagtuturo ng Filipino sa Alberta, Canada

Gaya ng nabanggit sa panimula, isa ang Canada sa dati nang nagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon. Pahapyaw itong tatalakayin sa papel upang makita rin ang pagkakatulad at/o pagkakarapareho ng programang SEAL sa programa ng pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa ibang bansa.

Mula 1983 umiral na ang Filipino Language and Culture School of Edmonton sa ilalim ng pangunguna at pag-iisponsor ng Filipino-Canadian Saranay Association of Alberta. Kabilang din dito ang Philippine Cultural Foundation sa Calgary. Na-accredit na rin ng Alberta Education ang mga kurso sa wikang Filipino mula grade 4 - grade 12 at itinuturo sa 5 Katolikong paaralan sa Edmonton. (Filipino Canadian Saranay Association)

Ang pagsisimula ng pagtuturo ng Filipino ay bunsod ng pagkilala sa multikulturalismo ng gobyerno ng Canada sa pamamagitan ng Multiculturalism Act of 1971 ni dating PM Pierre Trudeau (Petras 2023). Kinilala ng polisiya na gáling sa iba't ibang background ang mga Canadian at may natatanging halaga ang lahat ng kultura. (Jedwab 2020). Samantala, naisabatas ang Canadian Multiculturalism Act noong 1988. Layon ng batas na maprotektahan ang Cultural heritage ng mga Canadian, mabawasan ang diskriminasyon, at mahikayat ang implementasyon ng mga multikultural na programa at aktibidad sa mga institusyon at organisasyon. Dulot din ito ng dumaraming bilang ng mga migrante at immigrant hindi na lámang mula sa Europa kundi sa Asya, Africa, at Gitnang Silangan

na lumikha ng mga bagong pangangailangan at prioridad. Bukod sa pagpapanatili ng kanilang kultura at wika, nagpahayag din ang mga bagong migrante ng kanilang mga alalahanin ukol sa trabaho, pabahay, edukasyon, at diskriminasyon Sinalamin ng batas na ito ang nagbabagong realidad ng etnikong dibersidad sa Canada. Kinilala ng batas ang multikulturalismo bilang pundamental na katangian ng lipunan ng Canada na may integral na bahagi sa pangangasiwa sa kinabukasan ng bansa. Binigyang-diin ang karapatan ng mga indibidwal na mapreserba ang kanilang kultura habang napananatili ang kanilang karapatan sa ganap at pantay na partisipasyon sa lipunan ng Canada. Hinikayat din ang interkultural na pagpapalitan at interaksyon upang magbunsod ng higit na pagpapahalaga at kamalayan sa kultural na dibersidad sa Canada. (Canadian Multiculturalism Act, 1988)

Noong Pebrero 2019, inanunsiyo ni Premier Rachel Notely na idaragdag ang Filipino sa mga wikang itinuturo na sa mga paaralan sa Alberta at pasisimulan ito sa susunod na taon. Palalawigin din ang programa mula Kindergarten hanggang Grade 12. Binangit din na ang programa ay bunsod ng mga kahilingan mula sa mga komunidad na dagdagan ang ihinahangin mga kurso sa Filipino sa mga paaralan. Tinukoy rin ni Notely na kaugnay ito sa pagkilala sa komunidad ng mga Pilipino bilang isa sa pinakamalaki at lumalagong populasyon sa Canada na lubhang nag-ambag ng kanilang mga kasanayan sa kanilang lakas-paggawa at sa kanilang social fabric. Matitiyak ng paglikha ng K-12 kurikulum sa Wikang Filipino at Kultura ang pagpapatatag ng kanilang pamanang lahi.

Ayon naman sa Ministro ng Edukasyon na si David Eggen, ang pangangailangan para sa pagtuturo ng Filipino para sa mga paaralan ang nagtulak sa kanya na idagdag ang Filipino sa mga itinuturong wika. Ayon pa sa kaniya, "Hindi lang ito wika. Sa wika nananahan ang kultura at ang pagtuturo ng wika ay nagpapakita ng respeto at pagkilala". (Pornel 2019)

Pagkatapos madevelop ang bagong K-12 na kurikulum sa Filipino, makikipagtulungan ang mga opisyal sa Edukasyon ng Alberta sa stakeholders at katuwang sa komunidad upang matukoy ang risorses na makasusuporta sa kurikulum. Nabanggit din ng Ministro ng Edukasyon David Eggen na gagawing tuntungan

ng ministryo ang mga umiiral nang kurso sa pagdevelop ng kurikulum para sa lahat ng grado. "Ang pagpapalakas ng mga programa sa wika batay sa mga lokal na pangangailangan ay maaaring maging epektibong kasangkapan sa paglaban sa rasismo".

Gayunman, hindi magiging mandatory ang lilikhaing K-12 Kurikulum sa Wika at Kulturang Filipino. Pahihintulutan ng probinsiya ang mga awtoridad sa mga paaralan na pumili ng programa sa wikang higit na makatutugon sa pangangailangan ng mga komunidad na kanilang pinagsisilbihan. (Canadian Filipino Net 2019)

Ang wikang Filipino ang ika-9 na internasyonal na wikang maisasama sa probinsiyal na kurikulum ng Alberta. Ang ibapa ay Arabic, Chinese Mandarin, German, Italian, Japanese, Punjabi, Spanish, at Ukaranian. Bukod sa mga paaralang pang-komunidad, sa pagpasok ng Filipino sa K-12, naituturo na ang Filipino sa elementarya at sekondarya. Sa Sekondarya sa partikular, itinuturo ang mga kursong Filipino 15 para sa Grade 10, Filipino 25 para sa Grade 11 at Filipino 35 para sa Grade 12. Sa kaso ng Filipino 15, pinag-aaralan nila ang alpabeto, mahahalagang bokabularyo at pahayag, pangngalan, panghalip, pang-uri, at pandiwa. Pinatitingkad din ang pag-aaral ng kultura sa mga hulíng paksa ng klase dahil sa pagkilala na pamanang wika ito ng mga kumukuha ng klase. Sa kasalukuyan, hámon pa rin ang pagbuo ng mga materyales na mas angkop sa danas ng mga Fil-Canadian at pagsasanay ng mga guro (Petras, 2023).

Matagal mang naituro ang Filipino sa Alberta, Canada, makikitang hindi ito pambansang programa kahit pa dulot ito ng Multiculturalism Act. Gaya ng SEAL, pareho silang nakaangkla sa kaisipan ng kross-kultural na unawaan, pagkilala at pagpoprotekta sa kultura at pamanang lahi ng mga migrante, at pag-iwas sa diskriminasyon. Gayunman, magkaibang-magkaiba ang kabuuang iskema ng pagtuturo ng Filipino sa dalawang bansa. Kinilala kapuwa ng Punong Ministro at ng Ministro ng Edukasyon na ang hiling mula sa mga komunidad ang pangunahing tulak sa pagpapaturo ng Filipino. Habang ang SEAL ay kaugnay ng mismong Pambansang polisiya na NSP na may sosyo-politikal at pang-ekonomiyang layunin at tunguhin. Malinaw rin na pambansa ang programa dahil isinama ang pagkatuto at/o pagtuturo ng 7 Southeast

Asian na wika sa Pambansang Kurikukulum sa Edukasyon. Itatala ito bilang isa sa mga eryang pangwika sa ilalim ng taguring *New Residents Language* kasama ng Pambansang Wika, Katutubong wika, Ingles, at ikalawang wikang banyaga. Mandatory ang pagpapakuha ng isa sa pitong wika sa antas primarya at magiging elektib sa Junior Highschool. Makikita rin sa naiharap nang datos na holistiko at may nakalatag na programa para sa pagpapatupad ng SEAL mula sa pagbuo ng kurikulum, paghahanda ng unified textbook, pagsasanay, at pag-a-acredit ng mga guro at pakikipagugna at tulungan sa stakeholders. Samantala, nanantiling probinsiyal, hindi mandatory at may hâmon sa paghahanda ng mga kagamitang pampagkatuto at pagsasanay ng mga guro ang pagtuturo ng Filipino sa Alberta.

Sa pamamagitan ng maikling paghahambing na ito, mas napatitingkad kung bakit nakita na maaaring masuri ang SEAL sa pamamagitan ng dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper.

Pagpaplanong Pangwika at ang Southeast Asian Language Program (SEAL)

Ilalapat sa bahaging ito ang dalumat ni Cooper ukol sa Pagpaplano at patakarang pangwika.

1. Aktor

Pangunahing aktor si President Tsai Ing-Wen na nagpakilala ng New Southbound Policy ng Taiwan bilang pangunahing ekonomiko at politikal na programa ng kanyang administrasyon. Samantala, sumusunod naman ang Ministry of Education (MOE) na siyang naatasang kumilos upang magpatupad ng SEAL na isa sa mga esensiyal na bahagi ng NSP. Inatasan naman ng MOE ang New Taipei City Education Office para mamahala sa pagdedevelop ng unified textbook para sa bawat wika. Nagkaroon din ng papel ang National Central University at Institute for Information Industry na siyang nagsagawa ng digital na mga textbook. Maisasama rin sa aktor ang mga gurong na-recruit at sinanay upang magturo ng mga Southeast Asian na mga wika. Gayundin, maituturing na aktor ang mga

nagsulat at naging konsultant para sa mga kagamitang pampagkatuto.

2. Layon ng Pagpaplano at Patakarang Pangwika

Kinilala na sa pamamagitan ng SEAL, mabibigyan ng oportunidad ang mga ikalawang henerasyon ng mga immigrant na matutuhan ang kanilang wika at kultura upang hindi sila masaisantabi at higit silang mailahok sa lipunan ng Taiwan. Likha na rin ng mababang populasyon ng Taiwan, kinikilalang maaaring magkaroon ng makabuluhang papel ang mga batang migrante sa hinaharap. Higit pa rito, tinatayang magbubunsod ang SEAL ng kross-kultural na unawaan at magiging mainam itong paraan upang mahikayat ang tao sa taong pagpapalitan at kolaborasyon sa pagitan ng mga wika at bansang kasangkot.

3. Target ng Pagbabagong Pangwika at Insentibo

Target ng SEAL ang mga immigrant ng Taiwan, kapuwa ang mga unang henerasyon na sila ring hinikayat at sinanay na magturo ng kanilang mga pambansang wika at mga ikalawang henerasyon na target naman na turuan ng kanilang mga heritage na wika. Sa ganitong gana, nabigyan ng dagdag na oportunidad at trabaho ang mga immigrant. Habang natulungan naman ang mga bata na makilala ang kanilang wika at kultura. Sa proseso, inaasahang mas maiparamdam o higit na mararamdaman ng mga batang ito ang kanilang pagiging bahagi ng lipunan ng Taiwan sapagkat may karampatang pagkilala at pagpapahalaga sa kanilang wikang pamana at kultura.

4. Mga Layon ng Pagpaplano na Maaaring Overt o Covert

Priyoridad ng administrasyon ni Tsai ang pagpapalawig ng intelektuwal at kultural na pagbabahaginan tungo sa higit na pagkonekta ng Taiwan sa rehiyon ng Asya at Pasipiko. Sa ganitong tunguhin, malinaw na napaloob ang patakarang SEAL sa pagpaplanong pangwika ng Taiwan.

Sinasabing layon na maipalaganap sa mga ikalawang henerasyon ng mga immigrant ang kanilang sariling mga wika at kultura. Sa ganitong kalagayan mapagtutuunan ng pansin ang bahaging ito ng populasyon at inaasahan na higit nilang maramdaman ang kanilang integrasyon sa pamumuhay sa bansang Taiwan. Gayunman, sa likod nito, malinaw na nakapaloob ang layong ito sa ekonomiko at politikal na mithiin. Mas makakokonekta ang bansang Taiwan sa rehiyon at Asya at maiiwasan ang pagsasantabi sa bansa. Kinikilala ang lakas ng wika at kultura upang mapukaw at mapanatili sa mahabang panahon ang koneksiyong ito. Sa proseso, maaaring mapalalakas ang kalakalan, pamumuhunan, at turismo ng Taiwan at mailalayo ang industriya nito sa mainland China. Kapuwa panloob na integrasyon ng iba't ibang residenteng bumubuo sa Taiwan at panlabas na pagkilala sa rehiyong kinabibilangan ng Taiwan ang mga layong iniugnay sa pagpapalano na magreresulta sa lakas-politikal at mga pakinabang sa ekonomiya.

5. Mga Pamamaraan sa Pagpapalaganap ng Desisyon

Upang maipalaganap ang Southeast Asian Language Program, ginawa ng pamahalaan ang sumusunod na hakbang:

- a) Inatasan ang Ministry of Education ng Taiwan na siyang mangasiwa sa paghahanda at pagpapatupad ng programa;
- b) Inatasan ng Ministry of Education ang New Taipei City Education Office na magdevelop ng unified textbook para sa bawat wika;
- c) Kumuha ang New Taipei City Office ng mga praktisyoner sa wika at edukasyon na kapuwa maalam sa Mandarin at sa mga Southeast Asian na wika para manguna sa pagsusulat at pagbuo ng mga textbook;
- d) Kumuha rin ng mga consultant sa wika at kultura mula mismo sa mga bansang kaugnay para maedit, mapino, at mas matiyak na angkop, napapanahon, at sadyang sumasalamin sa kultura ang

nilalaman ng mga textbook;

- e) Sa pangunguna ng Curriculum and Instruction Research Center, binuo ang New Immigrants Curriculum Guidelines na sumasaklaw sa paraan ng pagpapatupad ng programang SEAL sa mga paaralan;
- f) Sinimulan ang pagsasanay ng mga guro noong 2016 upang mapadali at mapabilis ang pagsasanay. Nagdesisyon ang pamahalaan na sanayin ang mga residenteng may kaalaman na at kasanayan sa mga wika sa SEAL at sa Mandarin na siyang magiging mga unang guro sa oras na ipatupad na ang patakaran; at
- g) Nagsagawa rin ng paunang pagtuturo sa ilang piling lugar sa Taiwan (Ng).

6. Mga Desisyon para sa Pagpaplanong Pangwika

Nailatag sa sinundang bahagi ang mga hakbang na isinagawa para sa implementasyon ng patakarang pangwika. Mahahango rito na top-down, mula taas paibaba ang ginawang pagdedesisyon, pagbuo, at implementasyon ng patakaran. Impetus ang NSP ni Pangulong Tsai sa pagbuo ng SEAL. Samantalang pinangunahan ng Ministry of Education at ng mga napapasailalim ditong mga sangay ang pagsasagawa ng mga hakbang para sa paghahanda at tuluyang pagpapatupad ng programa.

7. Epekto ng Pagpaplanong Pangwika

Gaya ng sinabi ni Cooper, mahirap mahinuha at makita ang kahihinatnan ng pagpapatupad ng pagpapalano at patakarang pangwika. Sa kasalukuyan kinakailangan pa ng aktuwal na ebalwasyon ng programa upang matáya ang kinalabasan nito. Gayundin, inabutan ng pandemya ang aktuwal na implementasyon ng patakaran. Maraming restriksiyon na nakaapekto sa inaasahang mga ugnayan na may kinalaman sa kalakalan, agrikultura, turismo, at edukasyon.

Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Implikasyon nito sa Pagtuturo ng Filipino sa Labas ng Bansa

Bilang mahalagang bahagi ng New Southbound Policy, ang Southeast Asian Language Program na inisyatiba ni Pang. Tsai Ing Wen ay nakatuon sa higit na pagkilala at pagpapahalaga sa Taiwan ng mga katuwang sa Southbound Policy. Magsisilbing mga bagong tulay ng Taiwan at mga bansa sa Timog Silangang Asya ang mga bagong immigrant at ang kanilang mga anak na nabigyan ng pagkakataon at espasyo upang matutunan at ma-maisabuhay ang kanilang wikang pamana at kultura. Kasabay nito, natatanggap o nagiging bahagi sila ng wika at kultura ng Taiwan at magkakaroon ng ambag sa pagdevelop ng ekonomiya nito. Ang mga bagong henerasyon ng mga Taiwanese na mayroong Southeast Asian na pamanang lahi ang inaasahang magbigay ng malakas at pangmatagalang relasyon ng Taiwan at mga southbound na katuwang. Sa ganitong gana magsisilbi ang programa sa wika at kultura ng Taiwan sa pangmatagalang ekonomiko at politikal na mga hangarin ng bansa.

Kaugnay sa nabanggit sa itaas, pumapasok ang programang SEAL ng NSP sa dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper. Mula sa layon na hindi lámang lingguwistika na may kinalaman sa akwisisyon ng panibagong wika, tumutungo ito sa mga layunin na bentaha sa ekonomiya at co-option ng minoridad. Sa kasong ito, nariyan ang paglago ng mga pamumuhunan, kalakal, at turismo ng Taiwan at mga katuwang na bansa sa tulong ng mga naisagawa at isinasagawang tao-sa-táong pagpapalitan ng wika at kultura. Kasama rin ang integrasyon ng mga imigrant sa lipunan ng Taiwan na sa wika ni Cooper ay co-option ng minoridad. Malinaw rin na nailapat ang mga elementong kabilang sa dalumat ng Pagpaplanong pangwika sa programang SEAL sa ilalim ng NSP mula sa aktor hanggang sa epekto ng pagpaplanong pangwika.

Ngunit sa dalumat na ito, nasaan nga ba ang wikang Filipino? Makikita sa sumusunod na Talahanayan ang naging karanasan at/o kalakaran sa pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng programang SEAL Kasabay nito, tumukoy ang mananaliksik ng mga implikasyon at/o mungkahi na maaaring isagawa upang mas maiangat pa ang pagtuturo na Filipino hindi lang sa Taiwan kundi sa global na espasyo.

Kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa SEAL	Implikasyon at/o mungkahi sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan
Itinuturing at itinala na isa sa mga New Residents Language sa Eryang Pangwika sa Kurikulum	Sa hiniharap, maaaring magmula ang inisyatiba sa pagtuturo ng Filipino sa gobyerno mismo ng Pilipinas at hindi na lang umaasa sa mga development o programa ng ibang bansa. Kung maisasagawa ito, posibleng lalo pang lumawak ang abot ng Filipino sa global na espasyo at maituring na internasyonal na wika sa kalaunan.
May nadevelop na unified textbook kasabay ng anim pang wika	Maaaring palawigin ang konsultasyon sa mga iskolar sa wika at kulturang Filipino upang matiyak na masasamin ang umiiral na kultura. Gayundin, maaaring maggiit na magkaroon ng sabay-sabay na pagpupulong o konsultasyon ang mga manunulat mula sa 7 wika upang matiyak kung angkop nga ba ang pagtitiyak na unified ang mga textbook o kinakailangan ng puwang para sa pagpapalutang ng kakanyahan ng wika at kultura ng bawat bansa lalo pa ng Filipino.

<p>Nagkaroon ng kolaborasyon ang K-12 Administration, National Central University, at Institute for Information Industry para sa paggawa ng digital content para sa pagtuturo ng mga South East Asian na wika (kasama ang Filipino)</p>	<p>Kung magkakaroon nga ng inisyatiba mula sa gobyerno sa pagtuturo ng Filipino sa labas, maaaring tipunin din ang mga institusyon at/o stakeholders para sa kolaborasyon sa paggawa ng mga digital na materyales para sa pagtuturo.</p>
<p>Aktibong recruitment ng mga guro mula sa mga immigrant na Pilipino sa Taiwan.</p>	<p>Karamihan sa mga nare-recruit ay walang karanasan o background sa pagtuturo.</p> <p>Sumasailalaim lámang sila sa training at akreditasyon. Maaaring buksan ang recruitment sa mga guro ng wika at kultura sa Pilipinas na posibleng makapag-ambag din at makatulong sa mga sinanay nang guro sa Taiwan.</p>
<p>Mandatory ang New Residents Language sa elementary (isa sa pagpipilian dito ang Filipino) habang elektib na ito sa Junior High school</p>	<p>Maaaring igiit ng stakeholders na mas magagagap ng mga mag-aaral ang wika at mas malulubog sila sa kanilang kultura kung ipagpapatuloy ang pag-aaral ng wika at kultura hanggang sa Junior high school.</p> <p>Dahil mas mataas na antas ito ng pag-aaral, maaaring palawigin ang kurikulum na magsasama na rin ng ibang paksa at ibang batis gaya ng panitikan at kulturang popular.</p>

Isinama ito sa kurikulum, ginawan ng mga textbook, at sinimulang ituro simula Grade 1 at ihinaing elektib sa Junior Senior High School at kolehiyo ang Filipino bílang isa sa mga wikang pamana ng mga bagong immigrant sa Taiwan. Maituturing na pagkilala at pagpapahalaga ito sa wika at kulturang Filipino kaugnay ng pagpapahalaga sa bahagi ng populasyon ng mga immigrant gayundin ng mga migrante sa Taiwan. Gayunman, gaya nang naisa-isa sa naunang bahagi, ang hangarin at pagpapahalagang ito ay may katuwang na layuning sosyopolitikal at ekonomiko. Hindi masama ang ganitong kalakaran habang makikita at mararamdaman ang mutual na benepisyo sa dalawang panig. Maaaring makatamasa ng benepisyo sa pamamagitan ng pagkatuto sa kanilang maunlad na teknolohiya lalo pa sa agrikultura at medisina. Nagbibigay rin ang kanilang mga industriya sa loob at labas ng Pilipinas ng mga trabaho sa mga Pilipino. Patuloy rin ang ihinahaing oportunidad sa pag-aaral at mga internship para sa Pilipinong estudyante . Gayundin, patúloy naman ang kanilang pakikipagtuwang sa mga unibersidad sa antas tersiyaryo.

Subalit kailangan ding pag-isipan kung saan dapat lumugar ang wika at kulturang Filipino sa kabuuang iskema na ito. Mananatili ba itong isang wika o asignaturang pag-aaralan kung ihahain at isasama sa programa ng ibang bansa gaya ng SEAL halimbawa? Sa panahong malakas ang ragasa ng globalisasyon at ang hatak ng internalisasyon, kailangang makipagsabayan ang bansa. Nakita na ang bentaha ng pagpapalaganap ng wika at kultura ng iba gaya ng Koreano halimbawa. Naisaad na rin ang mga layunin ng pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa Taiwan. Hindi dapat manatiling pasibo ang ating pamahalaan. Kailangang kilalanin na ang pagpaplanong pangwika ay maaaring maging katuwang o kaakibat ng pagpaplanong panlipunan. Ngunit paano nga ba ito aasahan kung maging sa sariling bansa ay patúloy at wala pa ring katapusan ang pagkukuwestiyon at pagdududa sa kainaman at bisa ng sariling wika? Maaaring matuto táyo sa ibang bansa ngunit mula sa pagkatutong

ito, sa pamahahalaan mismo magsimula ang pagpapalano. Kung kikilalanin ng pamahalaan ang bisa ng pagpaplanong pangwika, maaaring gawin nito lahat ng pagtatangka, makapaglaan ng sapat na pondo, magkaroon ng “political will” sa paghahanda at tuluyang implementasyon ng sentralisadong plano upang patúloy na mapalawak ang pagtuturo ng Filipino sa iba pang mga bansa. Kung sentralisado ang plano, maaari nitong makuha ang partisipasyon ng lahat ng stakeholders gaya ng mga guro sa wika, iskolar sa kultura at Araling Pilipino, iskolar sa Pagpaplanong Pangwika, mga embahada ng Pilipinas sa iba’t ibang bansa. Sa kooperasyon ng mga nabanggit, makabubuo ng mas holistikong programa sa pagtuturo ng Filipino sa labas ng bansa. Ang pagpapahalaga at pagtatanghal ng Wikang Filipino at kulturang Pilipino ay maaaring makapagbigay rin ng ekonomiko at sosyo-politikal pakinabang sa bansa. Sa pamamagitan ng seryoso, sentralisado, at maigting na pagpapalano, inaasahang maluklok din ang Filipino bílang isang mahalagang internasyonal na wika. ♦

BIBLIYOGRAPIYA

- Alberta Developi ng New K-12 Curriculum. *Canadian Filipino Net*. Feb. 16, 2019 <https://www.canadianfilipino.net/news/alberta-developing-new-k-12-filipino-curriculum>
- Canadian Museum of Immigration at Pier 21. Canadian Multiculturalism Act, 1988. <https://pier21.ca/research/immigration-history/canadian-multiculturalism-act-1988>
- Concepcion, Gerard. “Programang Pangwika ng Filipino sa Labas ng Bansa sa Panahon ng Pandemya.” Jesus Fer Ramos Seryeng Panayam, 28 August, 2020, Online webinar. Lecture.
- Cooper, R.L. *Language Planning and Social Change*. New York, NY: Cambridge University Press.
- Center for Strategic and International Studies. *The New Southbound Policy*. 2019 https://southbound.csis.org/?fbclid=IwAR3Os-wBgewf6-uC2m-JkfbYAK-0GdqArGp-w0VZuzmW_hmfYxVSAbUCn9x_s
- Glaser, B.S., S. Kennedy, D. Mitchell. 2018, *The New Southbound Policy: Opening Taiwan’s Regional Integration*. Washington DC: Center for Strategies and International Studies. Huang Tzu-ti. Taiwan to Include 7 Southeast Asian Languages in Basic Education. *Taiwan News*. June 25, 2019. https://www.taiwannews.com.tw/en/news/3731681?fbclid=IwAR1mCBy7T Mj2rbFqvJriu3aaAlF3PIxBoEGNWW6iCnqAzv_g8Q0wGpEM88
- Filipino Canadian Saranay Association. <http://www.filcansaranayassociation.com/programs.html> Filipino Language Teachers Support Training Workshop. Kaohsiung, Taiwan. July 28-29, 2018 Filipino Language Teachers Support Training Workshop, Kaohsiung, Taiwan. Jul 17-22, 2019
- Huang Tzu-ti, Taiwan’s Elementary School Students to Learn Southeast Asian Languages. *Taiwan News*. Aug. 26, 2019

https://www.taiwannews.com.tw/en/news/3767775?fbclid=IwAR3-wX1K-OLXMFqu4linhGZr3Oidn-WTda4FnmD8i3tX0B_mEPhJvH2ptSbU

Jedwab, Jack. "Multiculturalism". *The Canadian Encyclopedia*. March 20, 2020. <https://www.thecanadianencyclopedia.ca/en/article/multiculturalism>

Lecture Proceeding. *Taiwan's New Southbound Policy: Implications for the Philippines*. Quezon City: Strategic Studies Program, University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies. 2019.

Kaplan, R.B., and R.B. Baldauf Jr. 1997. *Language Planning: From Practice to Theory*. Clevedon: Multilingual Matters.

K-12 Education Administration, Ministry of Education. 2018 New Residents' Language Curriculum Implementation Related Plans.

Lee, Tony. Director, Education Division, Taipei Economic and Cultural office in the Philippines. Online na komunikasyon. Sept. 26, 2022.

"MOE Ramps Up teacher Training in Southeast Asian languages", *Taiwan Today*, Aug.19, 2016 https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102515&unit=&unit-name=Taiwan-Today&postname=MOE-ramps-up-teacher-training-in-Southeast-Asian-languages

Mogato, Anna

<https://www.rappler.com/business/229064-taiwan-sees-better-ties-philippines-new-southbound-policy/> Gabriela. New Southbound policy Seen to Improve PH-Taiwan Ties. Rappler.com.

Manila Economic and Cultural Office. Meco Assists Taiwan Education Ministry for Training Filipino Language Teachers. Dec. 12, 2018

<https://www.meco.org.tw/news/meco-assists-taiwan-education-ministry-for-training-filipino-language-teachers>

Ministry of Education. Relevant Plans for the Implementation of language Courses for New Residents in 107 Academic Year.

https://www.edu.tw/News_Content.aspx?n=9E7AC85F1954DDA8&s=3AED9D9B0382BFA8&fbclid=IwAR1mCBy7TMj2rbFqvJri_u3aaAlF-3PIxBoEGNWWe6iCnqAzv_g8Q0wGpEM88

Ng, Irene S. Director, Kaohsiung Extension Office, Manila Economic and Cultural Office. Online na komunikasyon. Aug. 19, 2021

Ng, Yufita "Taiwan new residents Culture and languages Education Development Under New Southbound policy" *Journal of Policy and Bureaucracy Management* Vol. 1 No 2 file:///C:/Users/Aura/Downloads/5-Article%20Text-76-1-10-20201120%20(2).pdf

"Go South Strategy Threatened" *Taipei Times*. Sept. 29, 2004.

p. 2 https://www.taipetimes.com/News/taiwan/archives/2004/09/29/2003204811?fbclid=IwAR0W6Om-Y3xxoyMuDa0cAqfiPnljppQnsTAcvLnbM-3KcmlDykGWANafIlo_o

"Office of the President Approves Guidelines for New Southbound Policy", *Taiwan Today*, Aug. 17, 2016

[https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102356&unit=&unit-name=Taiwan Today&postname=Office-of-the-President-approves-guidelines-for-New-Southbound-Policy](https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102356&unit=&unit-name=Taiwan%20Today&postname=Office-of-the-President-approves-guidelines-for-New-Southbound-Policy)

Office of Trade Negotiations, Executive Yuan. New Southbound Policy Guidelines and Action Plan.

https://www.ey.gov.tw/otnen/64C34D-CA8893B06/a8cded96-e4f9-4439-8ef3-8c0b8e8ef2_72

Petras, Jayson D. Director, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng pilipinas Diliman. Online na Panayam. Dec. 8, 2023

Pornel, Atom L. Filipino Language and Culture Studies to be Offered in Alberta, Canada Schools. *Good News Pilipinas*. Feb. 13, 2019

<https://www.goodnewspilipinas.com/filipino-language-and-culture-studies-to-be-offered-in-alberta-canada-schools/>

“SE Asian Languages to be Included in School Curriculum”, *Taiwan Today*, Aug. 12, 2016

“SE Asian Languages to be taught in nation’s schools”, *Taipei Times*, June 26, 2019
<https://www.taipeitimes.com/News/taiwan/archives/2019/06/26/2003717597>

Rubin, Joan and Bjorn H. Jernudd, eds. *Can Language Be Planned? Sociolinguistic Theory and Practice for Developing Nation*. Honolulu, Hawaii: University of Hawaii Press. 1971.

Toman, David. New Immigrant Languages Added to List of Required Languages in Primary Schools- Why are Some parents Up in Arms?

<https://english.cw.com.tw/article/article.action?id=2498&fbclid=IwAR2OnAoMJK5gMRSD91JSr-nMpBrjYuln0rQApUpNZERRg5FDeA9mF1ayBZM>

Yang, Allan H and Sana Hasmi. October 7, 2022. ‘To Give Taiwan a Voice’ Enlist the New Southbound Policy. *The Diplomat*.

https://thediplomat.com/2022/10/to-give-taiwan-a-voice-enlist-the-new-southbound-policy/?fbclid=IwAR1eNd67i0xtiEaeGbRRGquh_kCC2yjDznF6PAwPBZ-20k912o_jSUGddVAo



Nagtapos si AURA BERTA A. ABIERA ng BA Philippine Studies, MA Filipino at PhD Filipino (Pagpaplanong Pangwika) sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa wika sa antas di-gradwado at gradwado sa Unibersidad ng Pilipinas. Aktibo ring nakisangkot sa iba’t ibang organisasyon at kilusang pangwika nitong mga nakalipas na taon. Kasalukuyan ring Tagapag-ugnay ng Opisina ng Gradwadong Aralin ng Kolehiyo at Arte at Literatura. Bukod rito, nakapagsilbi rin sa unibersidad sa pamamagitan ng iba pang gawaing administratibo gaya ng pagiging Tagapangulo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas mula 2013-2018 at naging Katuwang na Kalihim ng Kolehiyo ng Arte at Literatura noong dekada 90.